**Para sa mga Banyaga**

Kinakailangan ang magbayad ng tinatawag na Buwis sa Behikulong Magaan / Keijidoushazei (軽自動車税) kung kayo ay nagmamay-ari ng Bisikletang De-motor / Gendoukitsuki Jitensha (原動機付自転車), Espesyal na Behikulong Maliit / Kogata Tokushu Jidousha (小型特殊自動車), Behikulong Maliit na may 2 gulong / nirin no kogata jidousha (二輪の小型自動車), o Behikulong Magaan / Keijidousha (軽自動車). Kinakailangan ninyong gawin ang proseso sa pagdeklara kung kayo ay nagmay-ari o nawalan ng pag-aari ng alinman sa mga behikulo o sasakyang ito.

Ang proseso ng pagdeklara ay magkakaiba batay sa klase ng inyong behikulo. Pakibasa ang listahan sa ibaba:

**【Ang Pagpapasahan ng Form ng Deklarasyon】**


<table>
<tr><th>Uri ng Behikulo</th><th>Lugar</th></tr>
<tr><td>Bisikleta / Scooter<br>（125cc pababa）</td><td rowspan="2">Ward Office sa loob ng Lungsod ng Nagoya / Tax counter ng Branch Office, Tax Office ng Lungsod</td></tr>
<tr><td>Espesyal na Behikulong Maliit</td></tr>
<tr><td>Behikulong Magaan na may 2 gulong（125cc～250cc）</td><td rowspan="2">Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism Chubu Transport Bureau Aichi Transport Branch (国土交通省 中部運輸局 愛知運輸支局)<br>〒454-8558 Nagoya shi Nakagawa-ku Kitae-cho 1-1-2<br>TEL (050)5540-2046（Sasagutin ang inyong mga katanungan ng Call Center.）</td></tr>
<tr><td>Behikulong Maliit na may 2 Gulong<br>（250cc pababa）</td></tr>
<tr><td>Behikulong Magaan<br>(maliban sa Behikulong may 2 gulong)<br>(660cc pababa)</td><td>General Incorporated Association of All Japan Light Motor Vehicles<br>Aichi Branch Office (sa loob ng Light Vehicle Inspection Organization)<br>〒455-0052 Nagoya Shi, Minatoku Iroha Cho 2-56-2<br>TEL (052)324-9803<br>(Ang maaaring tawagan para sa detalye ay ang Nagoya Kanayama City Tax Office Collection Division Light Motor Vehicle Section [名古屋市金山市税事務所 徴収課軽自動車税係])</td></tr>
</table>

**Ukol sa Light Motor Vehicle Tax / 軽自動車税 (Pag-uuri ng Kabayaran / 種別割)**

Ang Light Motor Vehicle Tax / 軽自動車税(Keijidousha Zei) (Pag-uuri ng Kabayaran / 種別割 Shubetsuwari[) ay sinisingil bawat taon kung nagmamay-ari kayo ng ganitong uri ng sasakyan mula ng Abril 1. Ang mga kailangang magbayad nito ay makakatanggap ng tax notice* sa pamamagitan ng koreo sa buwan ng Mayo. Tiyakin lamang na mabayaran ito sa itinakdang petsa ng pagbabayad bago mag- katapusan ng buwan ng Mayo.

Kung ang pagbabayad ay hindi ginawa sa takdang petsa, ipapadala sa inyo ang sulat ng kahilingan / tokusoku-jo (督促状). Kung hindi makumpirma ang pagbabayad pagkatapos maipadala ang sulat ng kahilingan / tokusoku-jo (督促状), ay maaaring kunin ito mula sa ari-ariang mayroon kayo.

※Nilalamang Impormasyon atbp. sa Tax Notice




① Itinakdang Petsa ng Pagbabayad

② Impormasyon ng Behikulo

(2-1) Halaga ng Buwis

(2-2) Plate Number

(2-3) Petsa ng Unang Inspeksyon

Ang petsa ng unang inspeksyon ay ang petsa ng unang bagong inspeksyon ng nabubuwisang sasakyan.

③ Payment Slip

④ Tax Certificate

Ang dokumentong ito ay kinakailangan sa oras na sumailalim sa inspeksyon ng sasakyan. Mangyaring itago at ingatan ang dokumentong ito.

**<u>Persentahe ng Buwis</u>**

Ang kabayaran ng buwis (taunang halaga) ay itinaas para sa lahat ng sasakyan mula 2016. Ang mga behikulong magagaan na may 3 gulong at 4 na gulong o higit pa ay, ang naaangkop na halaga ng buwis (taunang halaga) naaayon sa unang petsa taon at buwan ng inspeksyon (unang petsa taon at buwan ng inspeksyon), tulad ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba.

Gayunpaman, ang halaga ng pagbubuwis para sa mga sasakyan na lumampas sa 13 taon mula noong unang bagong inspeksyon ay ilalapat mula 2016.

Para sa mga sasakyang may partikular na antas sa kapaligiran / environmental durability, ang mababang persentahe ng buwis ay inilalapat lamang para sa taon kasunod ng unang bagong inspeksyon (unang taon ng inspeksyon) (pagbabawas ng espesyal na panukalang buwis (light motor vehicle tax).

Para sa karagdagang impormasyon sa persentahe ng buwis, mangyaring tingnan ang opisyal na website ng Nagoya City. (Maaari itong i-access mula sa QR code sa bandang kanan.)

【Persentahe ng Buwis（Isang Bahagi）】

| Petsa ng Unang Inspeksyon / Pag-uuri sa Behikulong Magagaan | | | Mula sa unang inspeksyon ng behikulong higit 13 taon | Mula Abril 2010 ～ Marso 2015 | Mula Abril 2015 |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | Mataas na persentahe ng Buwis | (nakaraan) Persentahe ng Buwis | (ngayon) Persentahe ng Buwis |
| 3 gulong（660cc pababa） | | | ４,６００ yen | ３,１００ yen | ３,９００ yen |
| 4 gulong o higit pa (660 cc pababa) | Pampasahero ng sasakyan | Private Use | １２,９００ yen | ７,２００ yen | １０,８００ yen |
| | | Business Use | ８,２００ yen | ５,５００ yen | ６,９００ yen |
| | Pang kargamento | Private Use | ６,０００ yen | ４,０００ yen | ５,０００ yen |
| | | Business Use | ４,５００ yen | ３,０００ yen | ３,８００ yen |

**Ukol sa Paraan ng Pagbabayad**

Mangyaring gamitin ang payment slip upang magbayad sa mga institusyong pampinansyal tulad ng mga bangko at post office, convenience store, city tax office, ward office at branch office.

Maaari mo ring gamitin ang iyong smartphone o personal computer upang magbayad sa pamamagitan ng credit card, internet banking, o smartphone app sa pagbabayad. Para sa mga detalye kung paano magbayad, mangyaring bisitahin ang opisyal na website ng Nagoya City (maaari itong i-access mula sa QR code sa bandang kanan). (Japanese lamang ang gamit sa tanggapan. )

**Tanggapan**

Kapag may katanungan, magtanong po lamang sa Nagoya Shi Kanayama Shi Tax Office. (Japanese lamang ang gamit sa tanggapan.)

**Opisina ng Tanggapan: Nagoya City Kanayama Tax Office Collection Division Light Weight Vehicle Tax Section**

Address 〒460-8626 Nagoya Shi Nakaku Masaki 3 Chome 5－33（Meitetsu Masaki Bldg. 1）

Telepono （052）324－9803 / F A X （052）324－9825

**【Patnubay sa Nagoya International Center】**

Mayroong libreng konsultasyon sa mga pangkalahatang administratibong usapin para sa mga dayuhan.

TEL：052-581-0100

（Maaari itong i-access mula sa QR code sa bandang kanan.）

**◆Administrative Consultation for Foreign Resident（available language）**

English・Chinese・Spanish・Portuguese・Korean・Filipino・Vietnamese・Nepalese

**◆Email**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Japanese / English | info@nic-nagoya.or.jp | Korean | hangul@nic-nagoya.or.jp |
| Chinese | zhongwen@nic-nagoya.or.jp | Filipino | filipino@nic-nagoya.or.jp |
| Spanish | espanol@nic-nagoya.or.jp | Vietnamese | tieng-viet@nic-nagoya.or.jp |
| Portuguese | portugues@nic-nagoya.or.jp | Nepalese | nepali@nic-nagoya.or.jp |